# QCPD tiniyak ang mahigpit na seguridad kay Judge Reyes

Mahigpit na seguridad ang hukom na nagbigay ng guilty verdict sa pamilya Ampatuan at iba pang kapwa nila akusado sa kontrobersiyal na Maguindanao massacre case.

Ito ang tiniyak ng pamunuan ni Quezon City Police District (QCPD) Director, P/BGen Ronnie Montejo, kahit naibaba na nito ang hatol laban sa mga akusado sa kaso kahapon ng tanghali.

Aniya, noong isang linggo pa ay ginawa na nilang triple ang mga bodyguards ng hukom bunsod nang gagawin nitong pagdedesisyon sa kaso.

Nilinaw naman ni Montejo na wala silang natatanggap na impormasyon o pagbabanta sa buhay ng hukom, ngunit sinigurong hindi pa rin sila magre-relax sa pangangalaga para sa seguridad nito.

Tumanggi na rin naman si Montejo na magbigay pa ng detalye sa mga inilalatag nilang seguridad para kay Solis-Reyes, gayundin kung ilan ang bilang ng mga pulis na itinalaga nila upang magbantay dito. ***-Mer Layson-***